ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# PANUNURING METAPORIKAL SA MGA POPULAR NA AWITING PILIPINO: BATAYAN SA PAGBUO NG KAGAMITANG PANTURO

**Reniel M. Pamaus, Erwin R. Bucjan, PhD**

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra21932
**DOI No: 10.36713/epra21932**

**ABSTRAK**

*Ang tunguhin ng pag-aaral na ito ay masusing suriin ang nilalaman at mga metaporikal na pahayag ng piling popular na awitin ni Moira Dela Torre at tukuyin ang kahalagahan nito sa paglinang ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Sinusuportahan ng Conceptual Metaphor Theory nina Lakoff at Johnson (1980), ang pangunahing pamamaraan ay Critical Metaphor Analysis at deskriptib-analitikong disenyo (Charteris-Black, 2004). Sinuri ang mga kanta batay sa prodyuser, awdyens, nilalaman, haba, paksa, tono, at layunin. Pagkatapos, inisa-isa ang mga konseptuwal na metaporang taglay ng bawat kanta. Ang datos ay nakolekta sa pamamagitan ng maingat na pagbasa at pagsusuri ng mga liriko. Ginamit din ang mga teoryang pampanitikan tulad ng Reader-Response, New Criticism, at Structuralism upang ipaliwanag ang impormasyon. Ang resulta ay nagpapakita na ang mga konseptwal na metaphor, tulad ng "pag-ibig bilang paglalakbay," " paninindigan bilang tungkulin," at "pag-asa bilang liwanag," ay malawak na ginagamit sa mga awitin ni Moira Dela Torre. Ang nilalaman ng kanta ay pinahusay ng mga metaporang ito, na isang mahalagang kasangkapan para sa pagpapalawak ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, ipinakita ng pag-aaral na ang mga kontemporaryong awitin ay maaaring maging kapaki-pakinabang na sanggunian sa pagtuturo ng panitikan pati na rin sa paglinang ng mas mahusay na pag-unawa at pagpapahalaga sa kulturang Pilipino.*

**MGA SUSING SALITA:** *Metapora, Awitin ni Moira Dela Torre, Panunuring pampanitikan, Kritikal na pag-iisip, Conceptual Metaphor Theory, Panitikang Pilipino*

## INTRODUKSYON

Ang mga metapora ay isang makapangyarihang kasangkapan sa wika at panitikan, ito ay nagbibigay-daan para sa masining at mas malalim na paglalahad ng mga kumplikadong kaisipan at damdamin. Ang paggamit ng metapora sa kulturang Pilipino ay nagpapakita ng mga damdamin at imahinasyon ng Silangan bilang higit pa sa isang paraan ng pagpapahayag (J. N. Garcia, 2021). Ang metapora ay tumutulong sa mga awitin, lalo na sa mga kontemporaryong kanta, na ipakita ang mga karanasan at pananaw ng manunulat sa iba't ibang tagapakinig (Bahtiar et al., 2023; Nurman at Dindiana, 2021). Ang mga awitin ni Moira Dela Torre, na punô ng matatalinghagang pahayag, ay nagiging tula ng karanasan at nagbibigay ng mas maraming interpretasyon.

Hindi maikakaila na ang mga popular na awitin ay may malaking impluwensya sa modernong henerasyon ng mga Pilipino. Halimbawa, ang mga kanta ni Moira Dela Torre ay naging bahagi na ng mga karanasan ng parehong kabataan at matatanda. Ang kanyang mga awitin ay puno ng metaporikal na pahayag tungkol sa mga damdamin, pag-ibig, at mga paglalakbay ng lahat ng tao. Dahil dito, ang pagsusuri sa mga metaporang taglay ng kanyang mga kanta ay napapanahon at mahalaga, hindi lamang bilang isang pag-aaral sa panitikan, ngunit bilang isang pundasyon para sa pag-aaral at paghubog ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Ang metapora, ayon kina Lakoff at Johnson (1980), ay isang mahalagang mekanismo ng pag-iisip at hindi lamang isang elemento ng wika. Ang Conceptual Metaphor Theory (CMT) ay nagpapaliwanag kung paano natin nauunawaan ang mga abstraktong konsepto sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa mga konkretong karanasan sa ating buhay. Ang metaporang "Ang pag-ibig ay isang paglalakbay" ay nagpapakita kung paano ang pag-unawa sa pag-ibig ay nauugnay sa karanasan ng paglalakbay (Kövecses, 2017). Ang metapora ay likas na bahagi ng ating araw-araw na komunikasyon at pag-iisip, na madalas ay hindi natin namamalayan (Thu, 2019; Istiqomah, 2021). Bukod dito, ang Reader-Response Theory (Kunjanman & Aziz, 2021; Mart, 2019), New Criticism (Mambrol, 2021), at Structuralism (Eagleton, 1992) ay nagbibigay-daan upang masuri ang ugnayan ng teksto, mambabasa, at estruktura ng akda, na mahalaga sa mas malalim na panunuring pampanitikan.

Sa kabila ng katotohanan na ang matalinghagang wika ay isang bahagi ng ating kultura, nananatiling mahirap para sa mga guro na malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral na maunawaan at suriin ang mga metaporikal na pahayag. Sa karanasan ng mga mananaliksik, kapansin-pansin na marami sa mga mag-aaral ay hindi agad nakikilala o nauunawaan ang masalimuot na metaporang taglay ng mga awitin, na nagreresulta sa mababaw na interpretasyon at kakulangan sa kritikal na pag-iisip. Ang mga mag-aaral ay hindi lamang dapat makabisado ang nilalaman ng

kursong iyon, ayon kay Briones (2019); kailangan din nilang magkaroon ng digital literacy at mapanuring pag-iisip. Higit pa rito, ang mga metapora ay nagpapalawak ng pag-unawa at nagpapadali sa pagproseso ng impormasyon tungkol sa mga kumplikadong paksa, ayon kina Stuart at Wilkenfeld (2022), ngunit ang kaalaman sa mga ito ay nananatiling limitado sa maraming mag-aaral.

Gayunpaman, nananatiling hamon para sa mga guro at mag-aaral ang masusing pag-unawa at pagsusuri ng mga metaporikal na pahayag. Sa karanasan ng mananaliksik, maraming mag-aaral ang hindi agad nakikilala o nauunawaan ang masalimuot na metaporang taglay ng mga awitin, na nagreresulta sa mababaw na interpretasyon at kakulangan sa mapanuring pag-iisip. Binanggit nina Stuart at Wilkenfeld (2022) na ang mga metapora ay nakapagtataas ng pag-unawa at nagpapadali ng pagproseso ng impormasyon tungkol sa mga komplikadong paksa, ngunit nananatiling limitado ang literasiyang ito sa maraming mag-aaral.

Bagama't may mga naunang pag-aaral na tumalakay sa papel ng metapora sa wika at panitikan (Thu, 2019; Istiqomah, 2021), kakaunti pa lamang ang masusing nagsuri sa mga metaporang matatagpuan sa mga kontemporaryong popular na awiting Pilipino, lalo na sa mga likha ni Moira Dela Torre – hindi lamang sa aspekto ng metapora kundi pati na rin sa iba't ibang dimensyon tulad ng prodyuser, awdyens, nilalaman, haba, paksa, tono, at layunin. Kadalasan, ang mga umiiral na pag-aaral ay nakatuon sa pangkalahatang gamit ng metapora o sa pagsusuri ng banyagang awitin, ngunit hindi sapat ang pananaliksik na naglalayong tukuyin at suriin ang partikular na anyo, estruktura, at temang metaporikal sa mga awiting Pilipino na malapit sa kasalukuyang henerasyon. Gayundin, hindi pa lubos na napag-aralan kung paano nauugnay at nakakaapekto ang mga elementong ito sa paglikha at pagtanggap ng mensahe ng awitin (Kunjanman & Aziz, 2021; Mart, 2019). Dahil dito, may sapat na espasyo para sa sistematikong pagtukoy at pagsusuri ng mga metapor sa mga kilalang awiting popular ng Pilipino.

Ang pananaliksik na ito ay may mahalagang ambag sa larangan ng edukasyon at panitikan. Una, itinatampok nito ang potensyal ng popular na awitin bilang makabagong sanggunian sa pagtuturo ng panitikan, alinsunod sa layunin ng DepEd na isulong ang kontekstuwalisasyon at lokalisasyon ng kurikulum (Division Memorandum No. 166, s. 2020). Pangalawa, inaasahan nitong mapalalawak ang kasanayan ng mga mag-aaral sa kritikal na pag-iisip at interpretasyon ng mga tekstong pampanitikan. Pangatlo, nagbibigay ito ng konkretong halimbawa kung paano maaaring gamitin ang mga awitin ni Moira Dela Torre bilang isang interaktibo at makabuluhang paraan ng pagtuturo na tumutugon sa interes ng mga mag-aaral at sa mga pangangailangan ng modernong panahon. Ang mga karanasan sa musika mula sa iba't ibang kultura ay maaaring makabuo ng ugnayan at magpalalim ng kultural na pagpapahalaga, ayon kay Nethsinghe et al. (2022).

## LAYUNIN

Layunin ng pananaliksik na ito ang masusing tukuyin at suriin ang nilalaman at konseptwal na metaporang taglay ng mga metaporikal na pahayag ng mga piling awitin ni Moira Dela Torre. Aalamin din mga mananaliksik ang sumusunod:

1. Ano-ano ang nilalaman ng mga awitin ni Moira Dela Torre batay sa:
   - 1.1. Prodyuser;
   - 1.2. Awdyens;
   - 1.3. Nilalaman;
   - 1.4. Haba;
   - 1.5. Paksa;
   - 1.6. Tono; at
   - 1.7. Layunin?
2. Ano-ano ang taglay na metaporikal na pahayag ng mga piling awitin ni Moira Dela Torre?

## METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptib-analitikong disenyo upang masusing suriin ang nilalaman at metaporikal na pahayag ng mga piling awitin ni Moira Dela Torre. Layunin nitong tukuyin ang mga nilalaman ng mga awitin batay sa prodyuser, awdyens, nilalaman, haba, paksa, tono, at layunin, pati na rin ang mga taglay na metaporikal na pahayag ng mga ito. Ang Critical Metaphor Analysis (CMA) ni Charteris-Black (2004) ay ginagamit bilang pangunahing dulog sa disenyo, na nakatuon sa pagsusuri at pagsusuri ng nilalaman. Upang matukoy at palawakin ang pag-unawa sa mga metapora bilang mga kasangkapan sa pag-iisip at kultura, pinagsama ng CMA ang pragmatics, cognitive linguistics, at discourse analysis (Li, 2016; Imani, 2022).

Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay binubuo ng mga piling awitin ni Moira Dela Torre na pinili batay sa kasikatan, temang kinakatawan, at lawak ng impluwensya sa kulturang popular ng mga Pilipino. Ang pagpili ng mga awitin ay isinagawa upang matiyak na ang mga ito ay sumasalamin sa iba't ibang aspekto ng karanasan at pananaw ng mga Pilipino, partikular na sa usapin ng pag-ibig, pag-asa, at iba pang emosyonal na tema. Ang pagsusuri ay nakatuon lamang sa mismong teksto ng mga awitin at hindi isinama ang opinyon ng mga tagapakinig o ng mismong artista.

Sa paglikom ng datos, isinagawa ang masusing pagbasa at transkripsyon ng mga liriko ng napiling awitin. Ang bawat awitin ay inilahad at inuri batay sa mga kategoryang prodyuser, awdyens, nilalaman, haba, paksa, tono, at layunin. Matapos nito, sinuri ang bawat linya ng awitin upang matukoy ang mga metaporikal na pahayag at inuri ang mga ito ayon sa uri ng konseptwal na metapora na ginamit, gaya ng "ang pag-ibig bilang paglalakbay" o "pag-ibig ay isang digmaan," batay sa teorya nina Lakoff at Johnson (1980) at Kövecses (2017). Ang mga metapora ay isinailalim sa masusing pagsusuri upang matukoy ang kanilang conceptual mapping, source at target domains, at ang kanilang kaugnayan sa karanasan at kaisipan ng Pilipino.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ang pagsusuri ng datos ay isinagawa sa pamamagitan ng Critical Metaphor Analysis, kung saan inisa-isa at inuri ang mga metaporikal na pahayag mula sa mga awitin. Inilapat ang mga teoryang pampanitikan gaya ng Conceptual Metaphor Theory (Lakoff & Johnson, 1980), Reader-Response Theory (Kunjanman & Aziz, 2021; Mart, 2019), New Criticism (Mambrol, 2021), at Structuralism (Eagleton, 1992) upang mapalalim ang pag-aanalisa ng tema, estruktura, at epekto ng mga metapora sa konteksto ng awitin at posibleng interpretasyon ng mga mag-aaral. Sa huli, binuo ang sintesis ng mga natuklasan upang matukoy hindi lamang ang kabuuang nilalaman ng mga awitin kundi pati na rin ang papel ng metapora sa pagpapalawak ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Tiniyak ng mga mananaliksik na ang lahat ng ginamit na awitin ay binigyan ng wastong pagkilala sa orihinal na may-akda at prodyuser. Ang pagsusuri ay nakatuon lamang sa teksto ng awitin at hindi sumasaklaw sa personal na impormasyon ng mga tagapakinig o ng mismong artista. Sa kabuuan, ang metodolohiyang ito ay naglalayong magbigay ng masusing, sistematiko, at kritikal na pagsusuri sa nilalaman at metaporikal na pahayag ng mga piling awitin ni Moira Dela Torre, gamit ang teoretikal na balangkas ng CMT, Reader-Response, New Criticism, at Structuralism, upang maipakita ang kahalagahan ng metapora sa paglinang ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

## RESULTA AT DISKUSYON

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng mga talahayanan sa paglalahad ng mga datos upang mas madaling maunawaan at mabigyang-kahulugan.

### A. Bago ang Metaporikal na Pagsusuri

**Talahanayan 1.** ***Pagsusuri sa Nilalaman ng Awiting Eme***

| | |
|---|---|
| Bilang ng Awit | 1/5 |
| Prodyuser | Moira Dela Torre |
| Tagapakinig | Mga taong madalasang nakararanas ng pagiging biktima sa panloloko at pagtataksil sa pag-ibig. |
| Konteksto | Pagkabigo at pagtataksil |
| Haba | 158 salita |
| Pangunahing Paksa | Pagtataksil, pagkabigo, at pagbibigay-lakas |
| Tono | Mapangtunggali, mapanghamon at madamdamin |
| Layunin | Hikayatin ang nagtaksil na harapin ang nasaktan, ipadama ang pait ng pagkabigo, at palakasin ang loob ng iba upang matanggap ang kanilang halaga. |

**Talahanayan 1.1** ***Pagsusuri sa Nilalaman ng Awiting E.D.S.A***

| | |
|---|---|
| Bilang ng Awit | 2/5 |
| Prodyuser | Moira Dela Torre at Jonathan Manalo |
| Tagapakinig | Mga taong madalasang nakararanas ng emosyonal na pagsubok, lalo na sa paghihintay at pagharap sa mga hamon sa buhay at relasyon. |
| Konteksto | Pagkabigo at pagtataksil |
| Haba | 158 salita |
| Pangunahing Paksa | Pagtitiyaga, pagsuporta, at kahinaan. |
| Tono | Mapagninilay-nilay, madamdamin, at puno ng pag-asa. |
| Layunin | Palakasin ang loob upang manatiling matatag sa pag-ibig, ipakita ang suporta ng mahal sa buhay bilang lakas, at ipaalala na hindi nag-iisa sa laban. |

**Talahanayan 1.2** ***Pagsusuri sa Nilalaman ng Awiting Kumpas***

| | |
|---|---|
| Bilang ng Awit | 3/5 |
| Prodyuser | Moira Dela Torre at Jonathan Manalo |
| Tagapakinig | Mga taong madalasang nakakaranas ng pagsubok sa buhay at pag-ibig, at naghahanap ng gabay. |
| Konteksto | Pag-asa at muling pagbangon |
| Haba | 188 na salita |
| Pangunahing Paksa | Pagiging gabay, pagsasakripisyo at pagtanggap, pag-asa at pagbabago. |
| Tono | Mapagninilay-nilay, madamdamin, mapagpasalamat, at nabuhayan ng pag-asa. |
| Layunin | Ipaalala na laging may handang tumulong, hikayatin ang pagtanggap sa tunay na sarili, at bigyang-halaga ang mga taong nagbibigay suporta. |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 1.3** ***Pagsusuri sa Nilalaman ng Awiting Paubaya***

| | |
|---|---|
| Bilang ng Awit | 4/5 |
| Prodyuser | Moira Dela Torre |
| Tagapakinig | Mga Pilipinong nakaranas ng paghihirap sa pag-ibig |
| Konteksto | Pagtanggap at pagpapalaya |
| Haba | 167 na salita |
| Pangunahing Paksa | Pagpapakasakit, Pagpapatawad, at Pagtanggap |
| Tono | Malungkot ngunit may pag-asa |
| Layunin | Maipakitang normal na bagay ang pagiging mahina |

**Talahanayan 1.4** ***Pagsusuri sa Nilalaman ng Awiting Sundo***

| | |
|---|---|
| Bilang ng Awit | 5/5 |
| Prodyuser | Moira Dela Torre |
| Tagapakinig | Sa mga taong nakaranas na malayo sa mga minamahal |
| Konteksto | Pagkalinga at Paninindigan |
| Haba | 172 na salita |
| Pangunahing Paksa | Pagnanais ng makasamang muli ang minamahal at<br>Pangako ng matibay na pag-ibig |
| Tono | Nangungulila |
| Layunin | Maipakita ang pagiging handa at wagas na desisyon ng pagmamahal |

**B. Pagtukoy sa Metapora ng mga Awitin**

**Talahanayan 2.** ***Metaporikal na Pahayag, Source at Target Domain ng Awiting EME***

| Mga metaporikal na pahayag | Mga metaporikal na salita at bilang ng pagbanggit | Patutunguhan (Target) | Pinagmulan (Source) |
|---|---|---|---|
| 1. *Nagdilang anghel na naman*<br>*Sana'y hindi na 'ko masasaktan* | Nagdilang-anghel x 1 | Salita | Anghel |
| 2. *Pinagtanggol ka hanggang sa katangahan*<br>*Pinagsisisihan na ika'y 'pinaglaban* | Pagtanggol x 1<br>Pinaglaban x 1 | Pagsuporta | Digmaan |
| 3. *Ang kapal ng mukha mo*<br>*Wala na ngang tayo* | Kapal ng mukha x 1 | Kawalang-hiyaan | Makapal |
| 4. *Ba't parang 'di pwedeng lumaya?*<br>*Wala naman akong kasalanan* | ‘di pweding lumaya x 1 | Kasalanan | Kulungan |
| 5. *Araw-araw akong nagsuka*<br>*'Di maintindihan, ba't 'di ko nadama* | Nagsuka x 1 | Paghihirap | Pagsusuka |

Makikita sa Talahanayan 2 ang limang metapora sa awiting "Eme" na sinusuri gamit ang CMA Framework (Imani, 2022). Nag-uugnay ito sa pinagmulan (hal., isang anghel para sa pagtitiwala, isang kulungan para sa kasalanan) at patutunguhang ideya. Ang mga salita tulad ng "kapal ng mukha" ay nagpapakita ng kultural na katangian (Kamalu et al., 2023), habang ang mga metapora ng digmaan tulad ng "pagtatanggol hanggang katangahan" ay nagpapakita ng personal na tunggalian (Navera, 2020). Ang mga metapora ay naglalagay ng emosyon sa mga konkretong imahen (hal., pagsuka bilang pagsisisi; Kövecses, 2020) at nagpapalakas ng pagkakaisa sa pamamagitan ng simbolismo (Rucsanda & Belibou, 2023), na nagpapatunay na ang musika ay nag-uugnay sa indibidwal at lipunan.

**Talahanayan 2.1** ***Metaporikal na Pahayag, Source at Target Domain ng Awiting E.D.S.A***

| Mga metaporikal na pahayag | Mga metaporikal na salita at bilang ng pagbanggit | Patutunguhan (Target) | Pinagmulan (Source) |
|---|---|---|---|
| 1. *O, kay tagal na kong nag-aantay*<br>*Kahit malayo na ang nilakbay* | Nag-aantay x 1<br>Nilakbay x 1 | Paghihintay | Paglalakbay |
| 2. *Bitag ng lahat ng emosyon*<br>*Paano nga ba kumawala?* | Bitag x 1 | Damdamin | Bitag |
| 3. *Nakipaglaban sa bawat hakbang* | Nakipaglaban x 1 | Pagsubok | Laban |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| 4. *Lahat ng mga natalong laban* | Natalong laban x 1 | Pagsubok | Laban |
| 5. *At kahit maling nadaanan Hindi mo iniwan* | Nadaanan x 1 | Pagsuporta | Landas |
| 6. *Paano lumaban kung suko ka na? Mahirap lumaban pag suko ka na* | Lumaban x 2 | Pagsubok | Labanan |

Itinatampok ng Talahanayan 2.1 ang anim na metapora sa awiting *EDSA* na nakapokus sa pagsubok, katatagan, at pakikibakang sosyo-politikal. Nangingibabaw ang *metapora ng paglalakbay* (hal., *"nilakbay at nadaanan"*) na sumasalamin sa karanasang Pilipino—ang paghihirap bilang landas tungo sa kalayaan, hango sa diwa ng EDSA Rebolusyon at pag-unlad ng lipunan (Huiqi, 2021; Rodriguez, 2023). Ang *metapora ng digmaan* (hal., *"nakipaglaban"*) ay naglalarawan ng personal at panlipunang laban bilang tunggalian, ayon sa pagpapahalaga sa pagpupunyagi (Charteris-Black, 2004; Navera, 2020). Samantala, ang *"bitag"* ay kumakatawan sa sistematikong pang-aapi (Delupio, 2021). Nagtataguyod ang mga metapora ng pagkakaisa (tulad ng *bayanihan*) at kamalayang kritikal, lalo sa pagtawag sa aksyon laban sa pagpapasuko (*"suko"*)—isang tema ng mga kilusang protesta (Adlit at Martinez, 2023).

**Talahanayan 2.2** ***Metaporikal na Pahayag, Source at Target Domain ng Awiting Kumpas***

| Mga metaporikal na pahayag | Mga metaporikal na salita at bilang ng pagbanggit | Patutunguhan (Target) | Pinagmulan (Source) |
|---|---|---|---|
| 1. *Sa isang iglap Nagbago ang lahat* | Iglap x 2 | Pagbabago | Bilis |
| 2. *Ikaw ang kumpas pag naliligaw Ikaw ang kulay sa langit na bughaw* | Kumpas x 1<br>Kulay x 1 | Direksyon at Kagandahan | Instrumento at Pangkulay |
| 3. *Sa bawat bagyo na dumadayo Ikaw ang kanlungan na kailangan ko* | Bagyo x 1<br>Kanlungan x 1 | Pagsubok at Kaligtasan | Kalamidad |
| 4. *Ilang beses mo akong niligtas Dito sa hantungan ng aming wakas* | Niligtas x 1<br>Hantungan x 1 | Pagtulong | Kaligtasan |
| 5. *Sa isang iglap, nalunod ako Hindi ko na kayang inahon mo ako* | Iglap x 1<br>Nalunod x 1 | Problema | Lunod |
| 6. *At nung akala ko ubos na Ikaw ang naging pahinga* | Ubos x 1<br>Pahinga x 1 | Kapayapaan | Lugar |

Inilalahad ng Talahanayan 2.2 ang anim na metapora sa awiting Kumpas, na nag-uugnay ng kongkretong pinagmulan (hal., bilis ["iglap"] sa pagbabago, gabay ["kumpas"], at ligtas ["kanlungan"]) sa abstraktong patutunguhan (emosyon, karanasan). Ang mga metapora tulad ng "bagyo" (pagsubok) at "kanlungan" (kaligtasan) ay sumasalamin sa teorya ni Lakoff & Johnson (1980), na nagkokonekta ng paghihirap at kapanatagan sa kalikasan (Beknazarova et al., 2021). Ang pisikal na karanasan ("nalunod" para sa kalagayang pag-iisip) ay umaayon sa pag-aaral ni Morsanyi et al. (2020), samantalang ang "hantungan" ay nagpapakita ng emosyon bilang pisikal na paglalakbay (Fadhila at Juanda, 2023). Ang "pahinga" bilang simbolo ng katatagan ay sang-ayon sa pananaliksik ni Rivera at Bernardo (2018). Binibigyang-pansin ang malikhaing wikang Pilipino, ang papel ng metapora sa paglinang ng kritikal na pag-iisip (Atcharapan, 2023), at ang kakayahan ng musika na magtaguyod ng pagkakaisa sa krisis (Delupio, 2021). Ang mga metaporang ito ay nagpapadaloy ng usapin tungkol sa tiwala, emosyonal na pagbangon, at bayanihan.

**Talahanayan 2.3** ***Metaporikal na Pahayag, Source at Target Domain ng Awiting Paubaya***

| Mga metaporikal na pahayag | Mga metaporikal na salita at bilang ng pagbanggit | Patutunguhan (Target) | Pinagmulan (Source) |
|---|---|---|---|
| 1. *Kailan nung ako'y di na naging sapat* | Sapat x 1 | Pagdududa sa sarili | Dami/Kapos |
| 2. *Ako ang kailangan, pero di ang mahal* | Kailangan x 1<br>Mahal x 1 | Pag-ibig | Pangangailangan |
| 3. *Saan nagkulang ang aking pagmamahal* | Nagkulang x 1 | Pag-ibig | Bagay |
| 4. *Mahirap labanan ang tinadhana* | Labanan x 1 | Kapalaran | Digmaan / Laban |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Tinitignan ng Talahanayan 2.3 ang apat na metapora sa awiting Paubaya na nakasentro sa kakulangan (hal., "sapat" sa damdaming kulang), sawi na pag-ibig, at pakikibaka sa sarili (hal., "labanan ang tinadhana"). Sumasalamin ang mga metaporang ito sa kultural na paggamit ng wikang Pilipino—ang pag-uugnay ng abstraktong damdamin sa kongkretong imahen (Valdez et al., 2014; Tiongson et al., 2020). Halimbawa, ang pagturing sa pag-ibig bilang bagay na nasusukat ("saan nagkulang") ay nagpapakita ng lipunang nagninilay sa kahustuhan ng emosyon (Garcia, 2014; Rivera at Bernardo, 2018), sang-ayon sa teorya ni Kövecses (2020) ukol sa kultural na hugis ng mga metapora (tulad ng "Pag-ibig ay Digmaan"). Ang "labanan ang tinadhana" ay naglalarawan ng bahala na mentalidad—haluan ng patalismo at katatagan (Watanabe, 2024)—habang naghahatid ng aral sa pag-unawa sa masalimuot na kahulugan ng wika, lalo sa edukasyon (Tiongson et al., 2020).

**Talahanayan 2.4** ***Metaporikal na Pahayag, Source at Target Domain ng Awiting Sundo***

| Mga metaporikal na pahayag | Mga metaporikal na salita at bilang ng pagbanggit | Patutunguhan (Target) | Pinagmulan (Source) |
|---|---|---|---|
| 1. *Kay tagal kong sinusuyod ang buong mundo* | Sinusuyod x 2 | Paghahanap | Pakikipagsapalaran |
| 2. *Nilibot ang distrito ng iyong lumbay* | Distrito x 1 | Kalungkutan | Lunan |
| 3. *Sinusundo kita Sinusundo* | Sinusundo x 4 | Pagligtas/ Pakikipagtagpo | Pagkuha |
| 4. *Sa akin mo isabit ang pangarap mo* | Isabit x 1 | Pagtitiwala | Sampayan / Sabitan |
| 5. *Isuko ang kaba, tuluyan kang bumitaw* | Isuko x 1<br>Bumitaw x 1 | Pagbitaw sa mga mabibigat na damdamin | Pagsuko |
| 6. *Handa na sa liwanag mo* | Liwanag x 1 | Pag-asa at Paggabay | Ilaw |

Makikita sa Talahanayan 2.4 ang anim na metapora sa awiting *Sundo* gamit ang pang-araw-araw na imahen (hal., *"sinusuyod"* para sa emosyonal na laban, *"liwanag"* bilang pag-asa) na tumatalakay sa pagtitiwala, kaligtasan, at paglaya. Sumasalamin ang mga ito sa kultural na pagpapahalaga: ang paulit-ulit na *"sinusundo"* ay kumakatawan sa bayanihan (Rivera at Bernardo, 2018), samantalang ang *"isuko ang kaba"* ay nag-uugnay ng kalmado sa pisikal na kilos (Tiongson et al., 2020). Ang *"liwanag"* ay simbolo ng suporta (Cabigon, 2022), at ang *"distrito ng lumbay"* ay naglalarawan ng damdamin bilang espasyo (Enriquez, 2020; Kövecses, 2020). Ginagamit ang mga metapora para iugnay ang abstraktong konsepto (tulad ng moralidad) sa pisikal na karanasan (Valdez et al., 2014), na nagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip (Tiongson et al., 2020) at sumasang-ayon sa teorya ukol sa kapangyarihan ng metapora sa paghubog ng moralidad (van Popple, 2020; Gibbs, 2019; Yu, 2022).

**Talahanayan 3.** ***Konseptwal na Metapora ng Awiting EME***

| Metaporikal na pahayag/salita | Target at Source ng bawat metaporikal na pahayag: 'Ang Target ay Source' | Hakbang 1: Pagtukoy sa katangian ng target na kinatawan ng source sa bawat metaporikal na pahayag | Hakbang 2: Pagtukoy sa target domain | Hakbang 3: Pagtukoy sa source domain | Hakbang 4: Pagpangkat ng metaporikal na pahayag batay sa kanilang source at target domain domain | Hakbang 5: Pagtukoy sa konseptuwal na metapora |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. *Nagdilang anghel na naman Sana'y hindi na 'ko masasaktan* | Ang salita ay isang anghel | Dalisay at mapagkalinga | Salita | Anghel | Ang salita ng source domain at target domain na anghel at salita ay tumutukoy sa katangian ng pag-asa at propesiya | Ang pag-asa ay isang banal na tagapama-gitan<br><br>Ang pag-ibig ay isang digmaan |
| 2. *Pinagtanggol ka hanggang sa katangahan* | Ang pagsuporta ay isang digmaan | Isang kalasag na nagbibigay proteksyon | Pagsuporta | Digmaan | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| *Pinagsisisihan na ika'y 'pinaglaban* | | | | | Ang mga salita sa source domain na digmaan, makapal, kulungan, at ang ang salita ng target domain na kawalang-hiyaan ay tumutukoy sa katangian ng isang digmaan<br><br>Ang ang salita sa source domain na pagsusuka, at ang mga salita sa target domain na kasalanan, paghihirap, at emosyon ay tumutukoy sa isang uri ng sakit. | Ang emosyonal na pighati ay pisikal na pagdurusa |
| 3. *Ang kapal ng mukha mo Wala na ngang tayo* | Ang kawalang-hiyaan ay makapal | Matibay, matigas at hindi basta-basta nasisira | Kawalang-hiyaan | Makapal | | |
| 4. *Ba't parang 'di pwedeng lumaya? Wala naman akong kasalanan* | Ang kasalanan ay isang kulungan | Pagpigil sa kalayan ng isang indibiduwal | Kasalanan | Kulungan | | |
| 5. *Araw-araw akong nagsuka 'Di maintindihan, ba't 'di ko nadama* | Ang paghihirap ay isang pagsusuka | Nagpapakita ng sakit na nagdudulot ng emosyonal na paghihirap. | Paghihirap | Pagsusuka | | |

Ipinapakita ng Talahanayan 3. ang sistematikong balangkas sa pagtukoy ng mga konseptuwal na metapora sa awiting Eme gamit ang pormulang "Ang Target ay Source" (hal., "ang salita ay anghel" na sumisimbolo sa kalinisan at pag-asa). Ang mga metapora tulad ng "kulungan" para sa emosyonal na pagkakakulong at "pagsusuka" bilang pagsisisi ay nag-uugnay ng abstraktong karanasan sa kongkretong imahen, sang-ayon sa Teoryang Konseptuwal na Metapora (Istiqomah, 2021). Ang paggamit ng mga salitang "makapal" ay nagpapakita ng kultural na pag-iisip ng mga Pilipino. Binibigyang-diin ng pagsusuri na ang mga metapora ay nagpapaunawa sa emosyon at pagkakakilanlan, na may implikasyon sa interdisiplinaryong pananaliksik (Vuong Huu Vinh, 2025) at sa paghubog ng kultura sa pamamagitan ng liriko (Alliexandra, 2025).

**Talahanayan 3.1** ***Konseptwal na Metapora ng Awiting E.D.S.A***

| Metaporikal na pahayag/salita | Target at Source ng bawat metaporikal na pahayag: 'Ang Target ay Source' | Hakbang 1: Pagtukoy sa katangian ng target na kinatawan ng source sa bawat metaporikal na pahayag | Hakbang 2: Pagtukoy sa target domain | Hakbang 3: Pagtukoy sa source domain | Hakbang 4: Pagpangkat ng metaporikal na pahayag batay sa kanilang source at target na mga domain | Hakbang 5: Pagtukoy sa konseptuwal na metapora |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. *O, kay tagal na kong nag-aantay Kahit malayo na ang nilakbay* | Ang paghihintay ay paglalakbay | Mahaba at masalimuot; puno ng pag-asa at pagsubok | Paghihintay | Paglalakbay | Lahat ng pinagmulan (sources) ay tumutukoy sa katangian ng paglalakbay at digmaan tulad ng bitag, laban, landas, at labanan<br><br>Lahat ng patutunguhan (target) ay | Ang buhay ay isang paglalakbay<br><br>Ang buhay ay isang digmaan |
| 2. *Bitag ng lahat ng emosyon Paano nga ba kumawala?* | Ang damdamin ay isang bitag | Hadlang na pumipigil upang makaalis sa paghihirap | Damdamin | Bitag | | |
| 3. *Nakipaglaban sa bawat hakbang* | Ang bawat pagsubok ay isang laban | Mga alaala ng nakaraan na tila isang aral sa pakikibaka | Pagsubok | Laban | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 4. *Naalala ang mga nakaraan Lahat ng mga natalong laban* | Ang pagsubok ay isang laban | Mga alaala na bahagi ng nakaraan o kasaysayan | Pagsubok | Laban | tumutukoy sa mga pinagdaanan at nararamdaman ng isang tao tulad ng paghihintay, pagsubok, pagsuporta, at damdamin. | |
| *At kahit maling nadaanan Hindi mo iniwan* | Ang nadaanan ay isang maling karanasan | Mga maling pangyayari na pinagsisihan; may pagdadamayan | Pagsuporta | Landas | | |
| 5. *Paano lumaban kung suko ka na? Mahirap lumaban pag suko ka na* | Ang paglaban ay isang pagpipilian | Kawalan ng pag-asa, magpatuloy sa laban; pagiging mag-isa | Pagsubok | Labanan | | |

Sinusuri ng Talahanayan 3.1 ang mga konseptuwal na metapora sa awiting E.D.S.A ni Moira Dela Torre gamit ang balangkas na "pinagmulan-patutunguhan" (hal., "ang pag-aantay ay paglalakbay," "ang damdamin ay bitag"). Ang mga metaporang ito ay nag-uugnay ng abstraktong paghihirap (pag-asa, hidwaan) sa kongkretong karanasan (paglalakbay, pagkakakulong), na sumasalamin sa pagkakaisa at pakikibakang Pilipino—hango sa diwa ng EDSA Rebolusyon (Coloma, 2025). Ang metapora ng digmaan/paglalakbay ("nakipaglaban sa bawat hakbang") ay sang-ayon sa teorya nina Lakoff & Johnson (1980) at embodied metaphors ni Johnson (2017), na nagpapakita ng ugnayan ng pisikal at abstraktong karanasan. Ginagamit ng awitin ang mga talinghagang ito upang paigtingin ang kolektibong identidad at ideolohiya, lalo sa pagtawag sa pagkakaisa at pag-asa (Tiongson et al., 2020; Kövecses, 2020).

**Talahanayan 3.2** ***Konseptwal na Metapora ng Awiting Kumpas***

| Metaporikal na pahayag/salita | Target at Source ng bawat metaporikal na pahayag: 'Ang Target ay Source' | Hakbang 1: Pagtukoy sa katangian ng target na kinatawan ng source sa bawat metaporikal na pahayag | Hakbang 2: Pagtukoy sa target domain | Hakbang 3: Pagtukoy sa source domain | Hakbang 4: Pagpangkat ng metaporikal na pahayag batay sa kanilang source at target na mga domain | Hakbang 5: Pagtukoy sa konseptuwal na metapora |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. *Sa isang iglap Nagbago ang lahat* | Ang pagbabago ay isang bilis | Biglaan at mabilis | Pagbabago | Bilis | Ang mga salita ng pinagmulan (sources) ay tumutukoy sa katangian ng paglalakbay, laban, at lunan tulad ng bilis, instrumento, pangkulay, panahon, lugar, at lunod<br><br>Ang mga salita ng patutunguhan (target) ay tumutukoy sa mga katangian ng paglalakbay at | Ang buhay bilang paglalakbay<br><br>Ang buhay bilang laban<br><br>Ang pag-ibig bilang kanlungan |
| 2. *Ikaw ang kumpas pag naliligaw Ikaw ang kulay sa langit na bughaw* | Ang direksyon at kagandahan ay instrumento | Tamang direksyon at kagandahan | Direksyon at Kagandahan | Instrumento at Pangkulay | | |
| 3. *Sa bawat bagyo na dumadayo Ikaw ang kanlungan na kailangan ko* | Ang pagsubok at kaligtasan ay panahon at lugar | Mga paghihirap na dumarating at isang ligtas na lugar | Pagsubok at Kaligtasan | Panahon at Lugar | | |
| 4. *Ilang beses mo akong niligtas* | Ang dulo o hangganan ay lugar | Isang lugar na matatagpuan ang kaligtasan | Dulo o Hangganan | Lugar | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| *Dito sa hantungan ng aming wakas* | | | | | isang laban tulad ng, direksyon, pagsubok, at hangganan.<br><br>Ang mga salita namang kaligtasan, kapayapaan, at kagandahan ay katangian ng isang kanlungan | |
| 5. *Sa isang iglap, nalunod ako Hindi ko na kayang inahon mo ako* | Ang problema ay isang lunod | Mabilis na pangyayari, labis na paghihirap, at pagtulong | Problema | Lunod | | |
| 6. *At nung akala ko ubos na Ikaw ang naging pahinga* | Ang kapayapaan ay lugar | Sandalan at kapahingahan | Kapayapaan | Lugar | | |

Sinusuri ng Talahanayan 3.2 ang konseptuwal na metapora sa Kumpas gamit ang pinagmulan-patutunguhan na balangkas (hal., "sa isang iglap" [bilis → pagbabago]). Nangingibabaw ang metaporang "Buhay bilang Paglalakbay" at "Pag-ibig bilang Kanlungan," na sumasalamin sa kultural na halaga ng katatagan at bayanihan (Tiongson at Enriquez, 2020; Rivera at Bernardo, 2018). Ang "bagyo" bilang pagsubok ay nagpapakita ng pandaigdigang at lokal na konteksto (Cabigon, 2022). Binibigyang-diin nito ang papel ng metapora sa paghubog ng identidad at pagtawag sa pagkakaisa (Enriquez, 2020). Sa edukasyon, ang mga talinghaga (hal., "nalunod") ay nagpapayaman sa kritikal na pag-iisip sa pamamagitan ng pag-uugnay ng emosyon sa usaping pangkaisipan (Tiongson et al., 2020).

**Talahanayan 3.3** ***Konseptwal na Metapora ng Awiting Paubaya***

| Metaporikal na pahayag/ salita | Target at Source ng bawat metaporikal na pahayag: 'Ang Target ay Source' | Hakbang 1: Pagtukoy sa katangian ng target na kinatawan ng source sa bawat metaporikal na pahayag | Hakbang 2: Pagtukoy sa target domain | Hakbang 3: Pagtukoy sa source domain | Hakbang 4: Pagpangkat ng metaporikal na pahayag batay sa kanilang source at target na mga domain | Hakbang 5: Pagtukoy sa konseptuwal na metapora |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. *Kailan nung ako'y di na naging sapat* | Ang padududa sa sarili bilang kakulangan | Kapos o Kawalan | Pagdududa sa sarili | Dami / Kapos | Ang mga salita ng pinagmulan (source) ay tumutukoy sa mga salitang may iba't ibang katangian. Ang salitang kapos ay tumutukoy sa salitang sukat, ang pangangailangan ay sa salitang kailangan, ang bagay sa salitang mapagkukunan, at ang digmaan ay sa salitang puwersa<br><br>Ang mga salita ng patutunguhan (target) ay sa katangian ng salitang sukat tulad ng dami, ang pagmamahal ay sa salitang pag-ibig, at ang kapalaran ay mismong kapalaran | Ang halaga sa sarili ay bagay na nasusukat<br><br>Ang pag-ibig ay pangangail a-ngan<br><br>Ang pag-ibig ay limitadong yaman<br><br>Ang kaparalan ay isang digmaan |
| 2. *Ako ang kailangan, pero di ang mahal* | Ang pag-ibig bilang pangangaila-ngan | Mga bagay na kailangan | Pag-ibig | Pangangailang an | | |
| 3. *Saan nagkulang ang aking pagmama-hal* | Ang pag-ibig bilang bagay | Kapos o kawalan | Pag-ibig | Bagay | | |
| 4. *Mahirap labanan ang tinadhana* | Ang kapalaran bilang isang digmaan | Kompetensya o away | Kapalaran | Digmaan | | |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Inilalarawan ng Talahanayan 3.3 ang limang proseso sa pagtukoy ng mga metapora sa Paubaya, gaya ng pag-uugnay ng halaga sa sarili ("kawalan") at kapalaran ("digmaan") sa kongkretong imahen. Ang "tadhana bilang digmaan" ay sumasalamin sa bahala na mentalidad at pagharap sa kahirapan. Ang pag-ibig bilang transaksyon ("ako ang kailangan, pero di ang mahal") ay kritik sa materyalistikong lipunan (Enriquez, 2020). Sumasabay ang mga tema sa mga pag-aaral sa Filipino indie music (Rivera at Bernardo, 2018) at sosyo-ekonomikong realidad (Hilao-Valencia, 2023). Ginagamit ang metapora upang itampok ang isyu sa kalusugang pangkaisipan ("di naging sapat") at di-pagkakapantay-pantay, na sang-ayon sa pandaigdigang pananaliksik ukol sa pakikibaka ng marhinalisado (Chapman at Navera, 2020).

**Talahanayan 3.4** ***Konseptwal na Metapora ng Awiting Sundo***

| Metaporikal na pahayag/ salita | Target at Source ng bawat metaporikal na pahayag: 'Ang Target ay Source' | Hakbang 1: Pagtukoy sa katangian ng target na kinatawan ng source sa bawat metaporikal na pahayag | Hakbang 2: Pagtukoy sa target domain | Hakbang 3: Pagtukoy sa source domain | Hakbang 4: Pagpangkat ng metaporikal na pahayag batay sa kanilang source at target na mga domain | Hakbang 5: Pagtukoy sa konseptuwal na metapora |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. *Kay tagal kong sinusuyod ang buong mundo* | Ang mundo ay sinusuyod | Pagsusumikapat pagpupursige | Paghaha-nap | Pakikipagsapalaran | Ang mga salita sa pinagmulan (source) ay tumutukoy sa mga salitang may iba't ibang katangian. Ang salitang sinusuyod ay tumutukoy sa paglalakbay; ang distrito ay isang lokasyon; ang mga salitang sundo, isabit, at suko ay pisikal na pagkilos; at ang liwanag ay ilaw<br><br>Ang mga salita sa patutunguhan (target) ay may katangian ng salitang madamdaming pagsusumikap, hinagpis, paninindigan, pagsuporta, at pananalig. | Ang pag-ibig ay isang paglalakbay<br><br>Ang pighati ay isang lokasyon<br><br>Ang pag-asa ay liwanag<br><br>Ang paninindigan ay isang tungkulin |
| 2. *Nilibot ang distrito ng iyong lumbay* | Ang lumbay ay distrito na nililibot | Tungkulin at responsibilidad | Kalungkutan | Lunan | | |
| *3. Sinusundo kita Sinusundo* | Ang pagsundo ay gawain | Tungkulin at pag-alaga | Pagligtas/ Pakikipag-tagpo | Pagkuha | | |
| 4. *Sa akin mo isabit ang pangarap mo* | Ang pangarap ay naisasabit | Maaasahan at pagtutulungan | Pagtitiwala | Sampayan / Sabitan | | |
| *5. Isuko ang kaba, tuluyan kang bumitaw* | Ang kaba ay naisusuko at nabibitawan | Pagtitiwala at pagpapaubaya | Pagbitaw sa mga mabibigat na damdamin | Pagsuko | | |
| *6. Handa na sa liwanag mo* | Ang indibidwal ay liwanag | Kaliwanagan at pagiging positibo | Pag-asa at Paggabay | Ilaw | | |

Sinusuri ng Talahanayan 3.4 ang mga konseptuwal na metapora sa Sundo gamit ang balangkas ni Imani (2022), tulad ng pag-uugnay ng "lumbay" sa "distrito". Ang metaporang "paninindigan bilang tungkulin" ay sumasalamin sa kolektibong pananagutan at bayanihan (Rivera at Bernardo, 2018). Ang "liwanag" bilang pag-asa at "lumbay" bilang espasyo ay nagtataguyod ng kamalayan sa kalusugang pangkaisipan (Hilao-Valencia, 2023). Ginagamit ang mga talinghaga sa pagtuturo (hal., paglinang ng kritikal na pag-iisip, Tiongson et al., 2020) at pagpapahalaga sa katutubong pananaw laban sa Kanluraning naratibo (Rout at Reid, 2020).

**Talahanayan 4.** ***Susing Konseptwal ng Awiting EME***

| Hakbang 1: Pagpangkat ng konseptuwal na metapora | Hakbang 2: Pagtukoy sa kahulugan ng konseptuwal na metapora | Hakbang 3: Pagkatukoy sa susing konseptuwal |
|---|---|---|
| 1. Ang pag-asa ay isang banal na tagapamagitan | 1. Ang pag-asa ay di tiyak<br>2. Ang pagiging banal ng pag-asa ay nagpapakita ng kadalisayan<br>3. Ang pag-asa ay nakasasalay sa mga panlabas na salik | Ang pag-asa ay isang espirituwalidad, ito ay iniuugnay sa mga simbolismong panrelihiyon at ang pagiging banal na kung mabahiran ng maling gawa ay nadudungisan |
| 2. Ang pag-ibig ay isang digmaan | 1. Ang pag-ibig walang hanggang pakikipaglaban<br>2. Sa digmaan ay maaaring may masawi<br>3. Kinakailangan ng sandata sa pakikipaglaban<br>4. Maaaring manalo o matalo sa isang digmaan | Ang pag-ibig ay isang kaguluhan na ang walang humpay na pakikipaglaban na kung saan ang tiwala ang minsan ay naitataya at nasasamantala. |
| 3. Ang emosyonal na pighati ay pisikal na pagdurusa | 1. Tulad ng isang sakit ng katawan<br>2. Ang sakit ng katawan ay maaaring sadya o hindi sinadya<br>3. Ang kagalingan mula rito ay isang kalayaan<br>4. Di tulad ng pisikal, ang emosyonal na pighati ay hindi nakikita | Ang emosyon ay isang paghihirap, tulad ng sakit ng katawan ito ay nagdudulot ng kahinaan na mas matindi pa nga kaysa sa sakit ng katawan. |

Tinitignan ng Talahanayan 4. ang tatlong konseptuwal na metapora sa EME: (1) "Pag-asa bilang banal na tagapamagitan," na nagpapakita ng pananalig sa panahon ng pagsubok (Rogayan at Reusia, 2021); (2) "Pag-ibig bilang digmaan," na naglalarawan ng sakripisyo sa ugnayan (Verde, 2023); at (3) "Pighati bilang pisikal na sakit," na nag-uugnay sa sikolohiya at neuroscience (Barrett at Simmons, 2018). Sumasalamin ang mga ito sa kultural na paniniwala (hal., panlabas na kontrol sa buhay, Agsunod et al., 2022) at hamon sa kalusugang pangkaisipan (Lu, 2021). Sa edukasyon, ginagamit ang mga metapora para palawakin ang pagtuturo ng panitikan at suportahan ang mental na kalusugan (Rogayan et al., 2021; Cahapay at Bangoc, 2022). Binibigyang-diin nito ang papel ng malikhaing wika sa paghubog ng lipunan at pagtugon sa mga suliraning panlipunan.

**Talahanayan 4.1** ***Susing Konseptwal ng Awiting E.D.S.A***

| **Hakbang 1: Pagpangkat ng konseptuwal na metapora** | **Hakbang 2: Pagtukoy sa kahulugan ng konseptuwal na metapora** | **Hakbang 3: Pagkatukoy sa susing konseptuwal** |
|---|---|---|
| 1. Ang buhay ay paglalakbay | Ang metaporang ito ay nagmumungkahi ng mga katangian ng (1) pag-aantay; (2) hakbang; at (3) nadaanan. | Ang parehong metapora ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng katatagan, suporta, at pag-asa sa kabila ng mga pagsubok na dinaranas. |
| 2. Ang buhay ay isang digmaan | Ang metaporang ito ay nagmumungkahi ng mga katangian ng (1) Pakikibaka; (2) suko; at (3) natalong laban. | |

Sinusuri ng Talahanayan 4.1 ang dalawang metapora sa E.D.S.A: "Buhay bilang Paglalakbay" (pasensya, kolektibong pag-unlad) at "Buhay bilang Digmaan" (pakikibaka, sakripisyo), na nakaukit sa kasaysayan at kultura ng Pilipinas, lalo sa EDSA Rebolusyon. Ang paglalakbay ay nagpapakita ng katatagan at bayanihan (Rogayan at Reusia, 2021; Cheng et al., 2024), samantalang ang digmaan ay kumakatawan sa paglaban sa pang-aapi, kung saan ang "suko" ay simbolo ng paggaling (Penaflor, 2025; Chua at Duldulao, 2023). Ayon sa neurosensya, ang matagalang paghihirap ay nagdudulot ng stress (Barrett at Simmons, 2018), isang banta sa kalusugang pangkaisipan (Lu, 2021). Sa edukasyon, ang mga metaporang ito ay nagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip at pagpapahalagang kultural (Chen, 2021), habang ang diwa ng bayanihan ay nagmumungkahi ng solusyon sa mga krisis (Eadie at Su, 2018).

**Talahanayan 4.2** *Susing Konseptwal ng Awiting Kumpas*

| Hakbang 1: Pagpangkat ng konseptuwal na metapora | Hakbang 2: Pagtukoy sa pakahulugan ng konseptuwal na metapora | Hakbang 3: Pagkatukoy sa susing konseptuwal |
|---|---|---|
| 1. Ang buhay bilang paglalakbay | Ang metaporang ito ay nagmumungkahi ng mga katangian ng (1) yugto at karanasan; (2) landas at destinasyon; at (3) hamon at hadlang. | Ang tatlong metapora ay susing konseptuwal na ang buhay ay masalimuot na paglalakbay na puno ng mga hadlang na nangangailangan ng lakas at determinasyon upang malampasan. Sa bawat hamong ito ay kailangang labanan upang mapagtagumpayan. Mas magiging magaan din ang paglalakbay kung ang puso ay may pag-ibig na magsisilbing inspirasyon upang magpatuloy. |
| 2. Ang buhay bilang laban | Ang metaporang ito ay nagmumungkahi ng mga katangian ng (1) hidwaan; (2) pagsubok; at (3) hamon. | |
| 3. Ang pag-ibig bilang kanlungan | Ang metaporang ito ay nagmumungkahi ng mga katangian ng (1) kaginhawaan; (2) kaligtasan; (3) kagalingan; at (4) kapayapaan. | |

Sinusuri ng Talahanayan 4.2 ang tatlong metapora sa Kumpas: 1) "Buhay bilang Paglalakbay" (nangangailangan ng tapang at pagbabayanihan), 2) "Buhay bilang Laban" (sumasalamin sa makasaysayang paglaban tulad ng EDSA Rebolusyon), at 3) "Pag-ibig bilang Kanlungan" (emosyonal na kaligtasan sa krisis). Ang mga metaporang ito ay sang-ayon sa pananaliksik: itinuturo ni Valdellon-Molina (2025) ang kolektibong pagtitiis sa pagharap sa pagsubok, ipinapakita ni Penaflor (2025) ang ugnayan ng pakikibaka at kasaysayan, at binibigyang-diin nina Duldulao et al. (2023) at Barrett & Simmons (2018) ang papel ng pag-ibig sa kalusugang pangkaisipan. Sa kultura, ipinapakita nito ang pagsubok bilang kolektibong hamon, hindi indibidwal. Sa edukasyon, isinusulong ang pagsasama ng kultura sa pagtuturo (Chen, 2019), at sa kalusugang pangkaisipan, ang holistikong suporta ayon sa komunidad (Beadle at Papworth, 2024).

**Talahanayan 4.3** *Susing Konseptwal ng Awiting Paubaya*

| Hakbang 1: Pagpangkat ng konseptuwal na metapora | Hakbang 2: Pagtukoy sa pakahulugan ng konseptuwal na metapora | Hakbang 3: Pagkatukoy sa susing konseptuwal |
|---|---|---|
| 1. Ang halaga sa sarili ay bagay na nasusukat | Ang metaporang ito ay nangangahulugang ang halaga sa sarili ay inihahalintulad sa mga bagay na sinusukat o tinatasa, may mga inaasahang pamantayan. | Ang apat na metapora ay susing konseptuwal na nagpapahiwatig na ang karanasan ng tao ay madalas na nakikita na ang halaga sa sarili, pag-ibig, at kapalaran ay nauunawaan sa pamamagitan ng mga pananaw na ito ay nasusukat tulad ng isang yaman at mga pakikipagtunggali na may mga pamantayan. |
| 2. Ang pag-ibig ay pangangailangan | Nangangahulugang ang pag-ibig ay isang mahalagang pangangailangan. | |
| 3. Ang pag-ibig ay limitadong yaman | Ang pag-ibig ay nangangahulugang isang magpagkukunan na maaaring maubos o hind imaging sapat. | |
| 4. Ang kaparalan ay isang digmaan | Nangangahulugan ng pakikipaglaban, ang paggawa ng desisyon upang magpatuloy o huminto sa isang laban. | |

Sinusuri ng Talahanayan 4.3 ang tatlong metapora sa Paubaya: 1) "Pag-ibig bilang Pangangailangan" (ugnayang vital para mabuhay), 2) "Pag-ibig bilang Limitadong Yaman" (damdaming nauubos), at 3) "Kapalaran bilang Digmaan" (hamon ng buhay bilang labanan). Sumasalamin ang mga ito sa kultural na pagkakakilanlan: ang halaga sa sarili ay nakabatay sa lipunan (Saruhan at Erden, 2022), ang pag-ibig ay transaksyonal (Enriquez, 2020), at ang kakulangan sa damdamin ay sumasalamin sa kahirapan (Hobfoll, 1989; Chwaszcz et al., 2022). Sa sikolohiya, ipinapakita nito ang pressure sa kabataang umangkop (Lu, 2021), kawalan ng katiyakan sa relasyon (Su, 2023), at bigat ng pagtingin sa buhay bilang digmaan (Asati, 2024). Sa edukasyon, hinihikayat ang balanseng pagkilala sa kultura at kalusugang pangkaisipan (Cheng et al., 2024).

**Talahanayan 4.4** *Susing Konseptwal ng Awiting Sundo*

| Hakbang 1: Pagpangkat ng konseptuwal na metapora | Hakbang 2: Pagtukoy sa pakahulugan ng konseptuwal na metapora | Hakbang 3: Pagkatukoy sa susing konseptuwal |
|---|---|---|
| 1. Ang pag-ibig ay isang paglalakbay | Ang pag-ibig ay tulad ng paglalakbay na nangangailangan ng lakas ng loob at determinasyon. | Ang apat na konseptuwal na metapora ay susing konseptuwal na nagpapahiwatig na ang pagmamahal ay isang obligasyon na handang magtiis sa gitna ng paglalakbay; ang pagmamahal ay nagpapakita ng katatagan kahit pa man sa bawat paglalakbay ay may |
| 2. Ang pighati ay isang lokasyon | Ang mga pighati ay tulad ng lokasyon na may nasasakupan, ito'y may simula at hangganan. | |

| | | |
|---|---|---|
| 3. Ang pag-asa ay liwanag | Ang pag-asa ay nagpapawi ng kawalang-pag-asa. Ang minamahal ay isang gabay na puwersa. | pighating nararamdaman; at ang pamamahal ay isang pag-asa na nagbibigay ng kaliwanagan at magsisilbing tanglaw sa paglalakbay. |
| 4. Ang paninindigan ay isang tungkulin | Ang paninindigan ay nangangailangan ng didikasyon at lakas. Isang gawain na nangangailangan ng tuloy-tuloy na aksyon. | |

Sinusuri ng Talahanayan 4.4 ang apat na konseptuwal na metapora sa Sundo—1) "Pag-ibig bilang Paglalakbay" (pagtitiyaga sa pagsubok), 2) "Pighati bilang Lokasyon" (damdaming espasyo na maaaring tahakin), 3) "Pag-asa bilang Liwanag" (gabay sa kahirapan), at 4) "Paninindigan bilang Tungkulin" (moral na pananagutan)—gamit ang tatlong hakbang. Ang mga metaporang ito, ayon kay Lakoff & Johnson (1980), ay nag-uugnay ng abstraktong ideya sa kongkretong karanasan. Halimbawa, ang paglalakbay bilang pag-ibig ay nagpapakita ng kolektibong katatagan (Cheng et al., 2024), samantalang ang pighati bilang lokasyon ay naglalarawan ng emosyon bilang lugar na pansamantala o pangmatagalan (Asati, 2024). Ang liwanag bilang pag-asa ay sumisimbolo sa direksyon (Kövecses, 2020), at ang tungkulin bilang paninindigan ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa responsibilidad (Enriquez, 2020). Sa kultura, ipinapakita nito ang pagtitiyaga at moralidad ng mga Pilipino (Chu at Duldulao, 2023). Sa edukasyon, ginagamit ang mga ito para ipaliwanag ang masalimuot na konsepto (Cotterill, 2024). Subalit, babala ni Su (2023) laban sa labis na diin sa "tungkulin" na maaaring magdulot ng pagkahapo, habang ang metaporang "pighati bilang lokasyon" ay naghihikayat ng malasakit sa kalusugang pangkaisipan (Johnson et al., 2023). Sa kabuuan, ipinapakita ng pagsusuri kung paano humuhubog ang wika ng kaisipan at nagpapalawak ng pagkakaunawaan, na may aplikasyon sa edukasyon at adbokasiya.

## KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa isinagawang masusing panunuring metaporikal sa mga piling awitin ni Moira Dela Torre, napatunayan ng pag-aaral na: 1) Ang kanyang mga kanta ay mayaman sa nilalaman at metaporikal na pahayag na sumasalamin sa malalim na karanasan, emosyon, at pananaw ng mga Pilipino. 2) Ang pagsusuri sa nilalaman ng mga awitin batay sa prodyuser, awdyens, nilalaman, haba, paksa, tono, at layunin ay nagbigay-linaw sa istrukturang bumabalot sa bawat kanta at sa intensyon ng mga ito bilang kontemporaryong anyo ng panitikan. 3) Higit sa lahat, natukoy at naipaliwanag ang mga pangunahing konseptwal na metapora na ginagamit sa mga awitin, gaya ng pag-ibig bilang paglalakbay, paninindigan bilang tungkulin, at pag-asa bilang liwanag. 3) Ang ganitong paggamit ng metapora ay hindi lamang nagpapayaman sa nilalaman ng awitin kundi nagsisilbing mahalagang instrumento sa pagpapalawak ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pag-aanalisa ng mga metaporikal na pahayag, nahuhubog ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusuri, pagbibigay-kahulugan, at pag-uugnay ng mga personal na karanasan sa mga tekstong pampanitikan.

Bilang rekomendasyon, ang mga mananaliksik ay hinihikayat ang mga guro ng wika at panitikan na isama ang mga kontemporaryong awitin, tulad ng mga kanta ni Moira Dela Torre, bilang lunsaran ng pagkatuto sa klase. Mainam na gamitin ang mga ito bilang halimbawa sa pagtuturo ng panunuring pampanitikan at pagpapalawak ng kasanayan sa kritikal na pag-iisip. Iminumungkahi rin ang patuloy na pananaliksik sa iba pang anyo ng popular na panitikan upang higit pang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa metapora at sa mas malawak na konteksto ng kulturang Pilipino. Sa ganitong paraan, magiging mas makabuluhan, makabago, at kapana-panabik ang pagkatuto sa loob ng silid-aralan. Iminumungkahi ring gumawa ng isang kagamitang panturo tampok ang mga awiting Pilipino upang mas mapalapit ang mga mag-aaral o kabataang Pilipino sa kanilang sining na salamin ng kanilang kultura.

## SANGGUNIAN

1. *Fadhila, N., & Juanda, J. (2023). The conceptual metaphor analysis in the song lyric "Is You" by Jay Chang (2020). Mahadaya: Jurnal Bahasa, Sastra, dan Budaya, 3(2), 309–316. https://ojs.unikom.ac.id/index.php/mahadaya/article/view/13781*
2. *Adlit, M. F., & Martinez, M. R. (2023). Reliving the Bayanihan spirit: SPRCNHS Landayan Annex Narratives in the new Normal. https://nbn-resolving.org/urn:nbn:de:0168-ssoar-83683-1*
3. *Agsunod, T., Duldulao, J., & Vitales, V. (2022). Students' mental health concerns amidst their academic difficulties during pandemic. www.journals.wesleyan.edu.ph. https://doi.org/10.54788/wsr.v1i2.5*
4. *Alliexandra. (2025, April 18). Songs with figurative language: Understanding lyricism and imagery. Alliexandra. Retrieved from https://alliexandra.com/songs-with-figurative-language-understanding-lyricism-and-imagery/*
5. *Asati, P. (2024).Trauma narratives and metaphor: Exploring the limitations of war metaphors in capturing human suffering and resilience. Research Journal of English Language and Literature, 13(1), 36–41. http://www.rjelal.com/13.1.25/36-41%20Preeti%20Asati.pdf*
6. *Atcharapan, C. (2023). Metaphor analysis in Mark Tuan's songs (Master's thesis, Thammasat University). Thammasat University Repository. http://ethesisarchive.library.tu.ac.th/thesis/2023/TU_2023_6521040045_19019_28292.pdf*
7. *Bahtiar, A., Waluyo, H. J., Suwandi, S., & Setiawan, B. (2023). THE JOURNEY OF HAJJ DURING THE COLONIAL ERA IN MODERN INDONESIAN LITERATURE: Social and Cultural studies. JOURNAL OF INDONESIAN ISLAM, 17(2), 283. https://doi.org/10.15642/jiis.2023.17.2.283-299*
8. *Barrett, L. F., & Simmons, W. K. (2015). Interoceptive predictions in the brain. Nature Reviews. Neuroscience, 16(7), 419–429.*

ISSN (Online): 2455-3662
**EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal**
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

*https://doi.org/10.1038/nrn3950*

9. *Beadle, C., & Papworth, J. (2024). The experience of an embodied metaphor-based positive psychology coaching intervention. International Coaching Psychology Review. Advance online publication. https://radar.brookes.ac.uk/radar/items/9cfb8ef0-d0c5-4e43-aecb-3e9099133bf5/1/*
10. *Beknazarova, U., Almautova, A., Yelemessova, S., & Abadildayeva, S. (2021). The cognitive function of a conceptual metaphor and its methodological foundations. Journal of Language and Linguistic Studies, 17(3), 1312–1324. https://doi.org/10.52462/jlls.94*
11. *Briones, L. (2018) DepEd Chief Teachers Still at the Forefront in 21st Learning. - References - Scientific Research Publishing. (n.d.). Www.scirp.org. Retrieved January 26, 2024, from https://www.scirp.org/reference/referencespapers?referenceid=3045943*
12. *Cabigon, M. (2015). State of English in the Philippines: Should we be concerned? British Council Philippines.: https://www.britishcouncil.ph/teach/state-english-philippines-should-we-be-concerned-2*
13. *Cahapay, M. B., & Bangoc, N. F., II. (2022). Hope and Resilience Mediate Relationship between Stress and Satisfaction with Life of Teachers amid COVID-19 Crisis in the Philippines. IJERI International Journal of Educational Research and Innovation, 18, 296–306. https://doi.org/10.46661/ijeri.6262*
14. *Chapman, C. M., & Miller, D. S. (2020). From metaphor to militarized response: the social implications of "we are at war with COVID-19" – crisis, disasters, and pandemics yet to come. International Journal of Sociology and Social Policy, 40(9/10), 1107–1124. https://doi.org/10.1108/ijssp-05-2020-0163*
15. *Chen, R., Ge, Z., Hu, S., & Tang, W. (2021). Supportive or confining? The impact of war metaphors from the COVID-19 pandemic on persons with disabilities in mainland China. Frontiers in Public Health, 9. https://doi.org/10.3389/fpubh.2021.720512*
16. *Cheng, L., Guan, Y., Zhang, T., Zhan, L., Liu, Y., Wang, P., Yu, S., & Peng, Y. (2024). An empirical study on the development of metaphorical comprehension of Chinese children. Frontiers in Psychology, 14. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2023.1254129*
17. *Chua, M. C., & Duldulao, J. J. (2023). Lutong Macoy: Philippine elections under the Marcos regime [PDF]. https://xiaochua.net/wp-content/uploads/2012/09/chua-and-duldulao-lutong-macoy-the-marcos-elections-revised-2023-09-24-2.pdf*
18. *Chwaszcz, J., Bartczuk, R. P., Niewiadomska, I., & Sławska-Jaroszewska, P. (2022). Quality of life and prosocial or antisocial coping with resource deprivation: A cross-sectional study of people at risk of social exclusion. PLoS ONE, 17(9), e0275234. https://doi.org/10.1371/journal.pone.0275234*
19. *Coloma, S. (2025, February 26). 'Miracle of EDSA': Twin tunes on Filipino solidarity. Manila Bulletin. https://mb.com.ph/2025/2/26/miracle-of-edsa-twin-tunes-on-filipino-solidarity*
20. *Cotterill, R. J. (2024). Using visual metaphors to enhance the learning experience of international postgraduate management students at a university in England: A pedagogical action research study (Doctoral dissertation, University of Huddersfield). University of Huddersfield Repository. https://pure.hud.ac.uk/ws/portalfiles/portal/83726276/Final_thesis_Cotterill.pdf*
21. *Delupio, M.S. (2021). Protest songs in EDSA 1: Decoding the people's dream of an unfinished revolution. PADAYON SINING: A CELEBRATION OF THE ENDURING VALUE OF THE HUMANITIES.*
22. *Division Memo No. 166 - S. - 2020 Guidelines of Making Proposal | PDF | Curriculum | Educational Technology. (n.d.). Scribd. Retrieved January 26, 2024, from https://www.scribd.com/document/493540492/Division-Memo-No-166-s-2020-guidelines-of-making-proposal*
23. *Eadie, P., & Su, Y. (2018). Post-disaster social capital: trust, equity, bayanihan and Typhoon Yolanda. Disaster Prevention and Management an International Journal, 27(3), 334–345. https://doi.org/10.1108/dpm-02-2018-0060*
24. *Enriquez, E. N. (2020). English Proficiency Level of Secondary School teachers: Basis for teachers' training. https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract_id=3610950*
25. *Garcia, J. N. (2021). Myth and the creative imagination. Akda the Asian Journal of Literature Culture Performance, 1(1). https://doi.org/10.59588/2782-8875.1005*
26. *Gibbs, R., Jr. (2019, May). Metaphor Wars: Conceptual Metaphors in Human life. Cambridge University Press. Retrieved May 8, 2025, from https://www.cambridge.org/us/universitypress/subjects/psychology/cognition/metaphor-wars-conceptual-metaphors-human-life?format=PB&isbn=9781107415553*
27. *Hilao-Valencia, P. M., & A, O. C. R. (2023). Appreciative Inquiry approach and its effects on English oral communication skills of teacher education students. https://eric.ed.gov/?id=EJ1380896*
28. *Hobfoll, S. E. (1989). Conservation of resources: A new attempt at conceptualizing stress. American Psychologist, 44(3), 513–524. https://doi.org/10.1037/0003-066x.44.3.513*
29. *Huiqi, Q. (2021). Philippines Music in Politics: The Songs of Protest. International Journal of Law Management & Humanities. Retrieved May 8, 2025, from https://ijlmh.com/paper/philippines-music-in-politics-the-songs-of-protest/*
30. *Imani, A. (2022). Critical Metaphor Analysis: A systematic step-by-step guideline. LSP International Journal, 9(1), 1–15. https://doi.org/10.11113/lspi.v9.17975*
31. *Istiqomah, k. (2021). Conceptual Metaphors In Kahitna Song Lyrics. Retrieved from http://digilib.uinsa.ac.id/50121/2/Khusnul%20Istiqomah_A03217025.pdf*
32. *Johnson, M. (2017). Embodied mind, meaning, and reason. https://doi.org/10.7208/chicago/9780226500393.001.0001*
33. *Johnson, M. I., Hudson, M., & Ryan, C. G. (2023). Perspectives on the insidious nature of pain metaphor: we literally need to change our metaphors. Frontiers in Pain Research, 4. https://doi.org/10.3389/fpain.2023.1224139*

34. *Kamalu, I., Anasiudu, O., & Fakunle, R. O. (2023). Metaphoric construction of corruption in Nigerian media discourse. Topics in Linguistics, 24(1), 67–81. https://doi.org/10.2478/topling-2023-0005*
35. *Kövecses, Z. (2020). Extended conceptual metaphor theory. Cambridge University Press. https://doi.org/10.1017/9781108859127*
36. *Kunjanman, S., & Aziz, A. A. (2021). Reader-Response Theory: A Systematic Literature Review. Malaysian Journal of Social Sciences and Humanities, 6(4), 252–260. https://doi.org/10.47405/mjssh.v6i4.747*
37. *Li, W. (2016). Rethinking critical Metaphor analysis. International Journal of English Linguistics, 6(2), 92. https://doi.org/10.5539/ijel.v6n2p92*
38. *Lu, Q. (2021). "Desire is like a dreadful monster": Analysis of extended metaphors in L2 Argumentative Essays by Chinese learners of English. Frontiers in Psychology, 12. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2021.803359*
39. *Mambrol, N. (2021, May 30). New Criticism. Literary Theory and Criticism. https://literariness.org/2021/05/30/new-criticism/*
40. *Mart, C. (2019). Reader-Response Theory and Literature Discussions: a Springboard for Exploring Literary Texts. The New Educational Review, 56(2), 78–87. https://czasopisma.marszalek.com.pl/pl/10-15804/tner/5893-tner2019206*
41. *Morsanyi, K., Stamenković, D., & Holyoak, K. J. (2020). Metaphor processing in autism: A systematic review and meta-analysis. Developmental Review, 57, 100925. https://doi.org/10.1016/j.dr.2020.100925*
42. *Navera, G. S. (2020, June 24). Belligerence as argument: the allure of the war metaphor in Philippine presidential speeches. https://kairostext.in/index.php/kairostext/article/view/98*
43. *Nethsinghe, R., Joseph, D., Mellizo, J., & Cabedo-Mas, A. (2022). Teaching songs from diverse cultures to pre-service teachers using a "Four Step Flipped" method. International Journal of Music Education, 41(3), 383–397. https://doi.org/10.1177/02557614221110952*
44. *Nurman, M., & Dindiana, L. (2021). Retrieved from https://www.researchgate.net/publication/354004139_METAPHORS_ANALYSIS_IN_BRING_ME_THE_HORIZON'S_AMO_ALBUM_SELECTED_SONG_LYRICS*
45. *Penaflor, C. (2025, March 1). Philippines: EDSA, Marcos Jr and the risk of forgetting. Asia Times. https://asiatimes.com/2025/02/philippines-edsa-marcos-jr-and-the-risk-of-forgetting/#*
46. *Rivera, J. C. V., & Bernardo, A. S. (2018). A lexico-semantic analysis of Philippine indie song lyrics written in English. Journal of Language and Linguistic Studies, 14(4), 12–31. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1201948.pdf*
47. *Rodriguez, M. R. (2023). Metaphors, code switching, and ideological constructions in Philippine presidential speeches. Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints, 71(1), 45–68. https://journals.upd.edu.ph/index.php/dilimanreview/article/view/9566*
48. *Rogayan, D. V., Jr, & Reusia, D. H. R. (2021). Teaching internship from the metaphorical lens of Filipino prospective teachers. International Journal of Evaluation and Research in Education (IJERE), 10(3), 798. https://doi.org/10.11591/ijere.v10i3.21242*
49. *Rout, M., & Reid, J. (2020). Embracing indigenous metaphors: a new/old way of thinking about sustainability. Sustainability Science, 15(3), 945–954. https://doi.org/10.1007/s11625-020-00783-0*
50. *Rucsanda, M., & Belibou, A. (2023). Music as Metaphor – a therapeutic approach. Bulletin of the Transilvania University of Braşov Series VIII Performing Arts, 19–26. https://doi.org/10.31926/but.pa.2022.15.64.2.2*
51. *Saruhan, V., & Erden Çinar, S. (2022). The relationship between self-esteem and approval dependence in university students: The serial mediation of interaction anxiety and insight. International Journal of Psychology and Educational Studies, 9(2), 405–416. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1336330.pdf*
52. *Stuart, M. T., & Wilkenfeld, D. (2022). Understanding metaphorical understanding (literally). European Journal for Philosophy of Science, 12(3). https://doi.org/10.1007/s13194-022-00479-5s*
53. *Su, T. (2023). Challenges and stressors in intimate intercultural relationships: A systematic research synthesis. Personal Relationships, 30(2), 379–398. https://doi.org/10.1111/pere.12489*
54. *Thu, N. T. (2019). Structural metaphor of love in English songs in the late 20th century from stylistic and cognitive perspectives. JOALL (Journal of Applied Linguistics & Literature), 4(2), 185–202. https://doi:10.33369/joall.v4i2.7797*
55. *TIONGSON, M. T., JOLO, J., DE BORJA, J. A., & DEOCAMPO, I. J. (2020). Exploring Conceptual MetaphorAnalysis as a Critical LiteracyStrategy in the Philippines. PHILIPPINE HUMANITIES REVIEW, 22(1), 1–43. https://journals.upd.edu.ph/index.php/phr/article/view/7473/6535*
56. *Valdellon-Molina, K. F. (2025). The Filipino contemporary commercial music singer: Mimicry as phenomenon [Doctoral dissertation, University of the Philippines]. University of the Philippines Digital Repository. https://ac.upd.edu.ph/index.php/news-announcements/3499-pakighinabi-2025-harmonies-identity-exploring-filipino-music-dance-across-time-forum-cultural-performance*
57. *Valdez, N., P., & Villorente-Saulo, J. (2014). Math is like...because...: A metaphor analysis of Filipino students' perceptions of mathematical operations. https://sola.kmutt.ac.th/dral2014/proceedings_online/138-144%20CD%20DRAL%20Paolo%20Nino%20Valdez%20Jessy%20Saulo-formatted.pdf*
58. *van Poppel, L. (2020). The Study of Metaphor in Argumentation Theory. Argumentation, 35(1), 177–208. https://doi.org/10.1007/s10503-020-09523-1*
59. *Verde, D. (2023). Conquered conquerors: Love and war in the Song of Songs [Doctoral dissertation, KU Leuven]. Lirias Repository. https://lirias.kuleuven.be/4157948*
60. *Vuong, H. H. V. (2025). An analysis of the conceptual metaphors in the song lyrics "Yesterday". International*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

*Journal of Scientific and Research Publications, 15(1), Article p15704. https://doi.org/10.29322/IJSRP.15.01.2025.p15704*

61. *Yu, N. (2022). The moral metaphor system. In Oxford University Press eBooks. https://doi.org/10.1093/oso/9780192866325.001.0001*